MODYUL SA SARILING PAGKATUTO

# ANG SANTO NIÑO

## SA KULTURA AT KASAYSAYAN NG PILIPINAS

PARA SA MGA MAG-AARAL NG ARALING PANLIPUNAN 5
KASAYSAYAN NG PILIPINAS



Magandang araw mga mag-aaral!

Ang modyul na ito ay bahagi ng dokumentaryong **ANG SANTO NIÑO SA KULTURA AT KASAYSAYAN NG PILIPINAS** na inilabas ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, na tatalakay sa pangkasaysayan, panlipunan at pangkulturang kontribusyon ng pamimintuho ng mga Pilipino sa Batang Jesus. Ang modyul na ito ay naglalayong mapalalim ang inyong pagkaunawa at pagkatuto mula sa inyong mapanonood na dokumentaryo sa pamamagitan ng mga gawaing nakalahad dito.

Ang modyul na ito ay sumusunod sa Gabay Pangkurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Araling Panlipunan 5 (Kasaysayan ng Pilipinas). Partikular na tinutugunan ng modyul na ito ang mga sumusunod na pamantayan:

## PAMANTAYANG PANGNILALAMAN

Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa konteksto,ang bahaging ginampanan ng simbahan sa layunin at mga paraan ng pananakop ng Espanyol sa Pilipinas at ang epekto ng mga ito sa lipunan.

## PAMANTAYAN SA PAGGANAP

Nakapagpapahayag ng kritikal na pagsusuri at pagpapahalaga sa konteksto at dahilan ng kolonyalismong Espanyol at ang epekto ng mga paraang pananakop sa katutubong populasyon

## PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

Natatalakay ang mga paraan ng pagsasailalim ng katutubong populasyon sa kapangyharihan ng Espanya:
5.1 proseso ng Kristiyanisasyon (AP5PKEIIc-d-5)

Sa araling ito, inaasahan na matutuhan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Nasusuri ang mga mahahalagang ambag ng Santo Niño bilang isang relikyang pangkasaysayan;
2. Nasusuri ang mga gampanin ng Santo Niño bilang instrumento sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa Pilipinas; at
3. Naipaliliwanag ang kasalukuyang estado ng pamimintuho ng mga Pilipino sa Santo Niño.

## SUBUKAN NATIN!

**Panuto**: Basahin ang mga pangungusap na nasa bawat bilang. Lagyan ng tsek ( √ ) ang bawat bilog kung sa iyong palagay ay wasto ang inilalahad ng pangungusap, at ekis (X) kung ito ay mali.

| | |
|---|---|
| 1. Ang imahen ng Santo Niño ay unang dinala ng mga Espanyol sa ating bansa. | |
| 2. Noong panahon ng paggagalugad, lumaganap ang paniniwala na ang yaman ng isang bansa ay nakabatay sa dami ng alipin at hukbong sandatahan. | |
| 3. Si Lapulapu ang kinikilalang pinuno ng Sugbu (Cebu) noong dumating ang grupo nina Magellan. | |
| 4. Ang imahen ng Santo Niño sa Ternate, Cavite ay dala ng mga Indones mula sa mga isla ng Moluccas. | |
| 5. Ang Santo Niño ng Cebu ay ang pinakamatandang imaheng Katoliko dito sa Pilipinas. | |
| 6. Naging mahirap sa mga Pilipino na tanggapin ang pamimintuho sa Santo Niño. | |
| 7. Sa sining, lalo na sa literatura, sa pagguhit at sa iba pa, litaw na litaw ang impluwensiya ng relihiyong Kristiyanismo sa atin. | |
| 8. Ang kapistahan ng Santo Niño ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng Oktubre. | |

## BALIKAN NATIN!

**Panuto**: Punan ng angkop na titik ang mga nasa loob ng kahon upang makabuo ng salita na maglalarawan sa mga pangungusap na nasa bawat bilang. Ang mga salita na tutukuyin ay may kinalaman sa inyong nakaraang aralin.

1. Tumutukoy sa tuwirang pananakop ng isang makapangyarihang bansa sa isang lugar o bansa.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **O** | | | | | | **L** | | | **M** | |

2. Pangalan ng isa sa mga kasama ni Ferdinand Magellan na nagsilbing tagapagtala ng mga nagaganap na pangyayari sa kanilang isinasagawang ekspedisyon.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A** | | | | **N** | | | | | **I** | | | | **E** | | | **A** |

3. Isang relihiyon na nananampalataya kay Jesukristo bilang Diyos at Tagapagligtas.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **R** | | | | | | **A** | | | **S** | | |

4. Pinuno ng Sugbu (Cebu) na siyang tumanggap sa pangkat nina Ferdinand Magellan nang magawi sila sa isla na ito.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **R** | | **J** | | | | | **U** | | | | | **N** |

5. Tinagurian din bilang “Spice Island”, ito ay grupo ng mga isla sa bahagi ng Indonesia na naging sentro ng kalakalan ng pampalasa sa daigdig.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | **L** | | | **C** | | |

## IPAKILALA NATIN!

Suriin ang larawan. Pagkatapos nito ay sagutin ang tanong sa ibaba.



**The Gifting of Santo Niño to Queen Juana (2021),** by Jun Impas

Sa iyong palagay, ano ang nagaganap na pangyayari na ipinapakita ng larawan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## PAGPAPANOOD NG DOKUMENTARYO

Isang dokumentaryo ang inyong mapanonood na may pamagat na **ANG SANTO NIÑO SA KULTURA AT KASAYSAYAN NG PILIPINAS** mula sa Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, at tatalakay sa pangkasaysayan, panlipunan at pangkulturang ambag ng pamimintuho ng mga Pilipino sa Santo Niño.

Bago ninyo panoorin ang dokumentaryo, ay basahin ninyo ang mga **PAMPROSESONG TANONG** upang magkaroon kayo ng gabay sa inyong mapanonood.

## MGA PAMPROSESONG TANONG


1. Batay sa napanood na dokumentaryo, paano ipinaliwanag ang pagdating ng Kristiyanismo sa ating bansa?

2. Paano naging instrumento ang pagdedebosyon sa Santo Niño sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa ating bansa?

3. Anu-ano ang mga iba't ibang anyo ng pagpapakita ng malalim na pagdedebosyon ng mga Pilipino sa Santo Niño?

# GAWIN NATIN!

**Gawain 1.1. Tayo na't Mag-Krosword!**
**Layunin:** Natutukoy ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa aralin.
**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at isulat ang tamang sagot sa krosword




**PAHALANG**

1. Lalawigan sa Pilipinas kung saan matatagpuan ang Santo Niño de Ternate.
2. Dumating ang grupo ni Miguel Lopez de _________ noong Abril 27, 1565 at pinag-utos niya na sunugin ang mismong pamayanan na pinamumunuan ni Rajah Tupas.
3. Siya ay isang Portuges (na naging Espanyol) na sumubok na patunayan na bilog ang mundo at puntahan ang Moluccas gamit ang pakanlurang ruta.
4. Salitang Cebuano na nangangahulugang "pagkakatagpo", at ito ay tumutukoy sa paggunita sa pagkakatuklas sa imahen ng Santo Niño noong taong 1565.

**PABABA**

1. Si Padre Pedro de ____________ ay ang kasamang pari ng naging ekspedisyon ni Ferdinand Magellan.

2. Pulo na pinagganapan ng Misa ng Pasko ng Muling Pagkabuhay noong Marso 31, 1521.

3. Pangalang ibinigay sa asawa ni Rajah Humabon matapos itong binyagan sa relihiyong Kristiyanismo.

4. Tawag sa marangyang pagpipista ng mga Cebuano para sa Santo Niño de Cebu.

**Gawain 1.2. Impluwensiya ng Santo Niño, Itatala Ko!**

**Layunin:** Nasusuri ang mga mahahalagang konsepto hinggil sa naging aralin.

**Panuto:** Umisip ng ISANG PANGUNGUSAP na lubos na makapagpapaliwanag sa naging impluwensiya ng debosyon sa Santo Niño ayon sa hinihingi sa ibaba. Isulat ito sa loob ng kahon.



Santo Niño de Cebu. Hinalaw noong Setyembre 15, 2021 sa https://santoninodecebubasilica.org/

| **Aspetong Pangkasaysayan** | **Aspetong Pangkultura/ Pananampalataya** |
|---|---|
| | |

## TANDAAN NATIN!

1. Ang debosyon sa Santo Niño, bagama't nagmula sa dayuhan ay inangkin at niyakap ng mga Pilipino at ginawang bahagi ng kanilang kultura.
2. Ang pagbibinyag sa Cebu at ang pagbibigay sa Reyna Juana ng Santo Niño ni Magellan ang hudyat ng pagdating ng Kristiyanismo sa Pilipinas noong 1521.
3. Ang pagkakahanap sa Santo Niño noong 1565 ang nagpatibay ng dahilan sa mga Espanyol na sakupin ang kapuluan at pasimulan ang 300 taong conquista ng Pilipinas.
4. Bagama't nagamit sa Kolonyalismo ang Santo Niño at ang pananampalatayang Kristiyano, nakita ng mga Pilipino ang luma nilang paniniwala alay at nakita ito bilang pagpapatuloy ng kanilang kultura.
5. Ang Kristiyanismo at ang Santo Niño ang isa sa nagpatibay ng loob ng mga Pilipino sa mga hamon ng kanilang kasaysayan at pagtindig para sa kalayaan.

## IPAMALAS NATIN!

**Gawain 2: CREATIVE SLOGAN MAKING**
**Panuto:**

1. Umisip ng isang islogan na magpapakita ng iyong pagmamalaki sa pangkasaysayan, panlipunan at pangkulturang ambag ng pamimintuho ng mga Pilipino sa Santo Niño.
2. Isulat ang naisip na islogan sa illustration board/cartolina o bond paper. Mas mainam kung ang mga titik ay lalakipan ng magandang dibuho upang mas makatawag pansin.
3. Maaaring lagyan ng larawan at disenyo na angkop sa naisip na islogan. Sikapin na hindi ito dapat umagaw ng pansin sa sinulat na islogan

Ang iyong ginawang creative slogan ay mamarkahan batay sa sumusunod na rubrik:

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | MARKA |
|---|---|---|---|---|
| **Pagkamalikhain (20%)** | Hindi naging malikhain sa pagbuo ng creative slogan | Naging malikhain sa pagbuo ng creative slogan | Lubusang nagpamalas ng pagiging malikhain sa pagbuo ng creative slogan | |
| **Kaangkupan sa paksa (25%)** | Hindi angkop ang nabuong creative slogan | Angkop ang ilang (kalahati) bahagi ng creative slogan | Lubusang napakaangkop ng nabuong creative slogan | |
| **Mensahe (35%)** | Hindi angkop ang mensaheng ipinahahatid ng creative slogan | Angkop ang mensaheng ipinahahatid ng creative slogan | Lubusang angkop na angkop ang mensahe ng creative slogan | |
| | Hindi malinis at maayos ang pagkakabuo ng creative slogan | Naging malinis at maayos ang pagkakabuo ng creative slogan | Lubusang napakalinis at maayos ang pag-kakaguhit ng creative slogan | |

## MGA PAMPROSESONG TANONG

1. Paano mo maipaliliwanag ang mensahe na nilalaman ng iyong ginawang islogan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anu-ano ang mga isinaalang-alang mo sa pagpili ng mga ilalagay mo sa iyong ginawang islogan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

# PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang mga sumusunod na lugar ay naitampok sa dokumentaryo bilang mga pook peregrinasyon na may malalim na debosyon sa Santo Niño MALIBAN sa:

   A. Cebu
   B. Naga
   C. Tondo
   D. Pandacan

2. Ang "kaplag" ay gumugunita sa pagkakatagpo ng imahen ng Santo Niño ng Cebu, kung saan noong Abril 28, 1565 ay natagpuan ito ng isang tauhan ni Miguel Lopez de Legazpi. Sino siya?

   A. Martin de Rada
   B. Juan Sebastian Elcano
   C. Enrique ng Malacca
   D. Juan de Camus

3. Ang imahen ng Santo Niño na pinipintuho ng mga mananampalataya sa bayan ng Ternate sa Cavite, ay nagmula sa anong bansa?

   A. Espanya
   B. Mexico
   C. Indonesia
   D. Malaysia

4. Ang mga sumusunod ay mga lugar sa Pilipinas na tinungo ng eskpedisyon ni Magellan, MALIBAN sa isa. Ano ito?

   A. Mindoro
   B. Suluan
   C. Limasawa
   D. Homonhon

5 Ang imahen ng Santo Niño sa Cebu na dala ng pangkat nina Ferdinand Magellan ay ipinagkaloob sa asawa ni Rajah Humabon, na kalaunan ay makikilala bilang si:

   A. Maria
   B. Juana
   C. Ana
   D. Cecilia

6. Ang mga sumusunod ay mga patunay ng debosyon ng mga Pilipino sa Santo Niño ay naipamamalas sa iba't ibang paraan, MALIBAN sa isa. Ano ito?

   A. Pagsasagawa ng peregrinasyon o pagtungo sa mga simbahan na tanyag ang Santo Niño bilang patron.

   B. Pagsasagawa ng mga kumperensiya hinggil sa mga katuruang lihis sa paniniwala sa Santo Niño.

   C. Paglalagay ng mga imahen ng Santo Niño sa mga sasakyan at altar sa mga tahana.

   D. Pakikibahagi sa pagdiriwang ng kapistahan ng Santo Niño.

7. Lumaganap ba ang debosyon sa Santo Niño dito sa Pilipinas?

   A. Opo, dahil maraming mga simbahan sa Pilipinas ang may mga imahen ng Santo Niño at ipinagpipista nila ito.

   B. Hindi, dahil sa pag-alis ng mga Espanyol, humina na rin ang debosyon sa Santo Niño.

   C. Opo, dahil ang mga imahen ng Santo Niño ay ginawa bilang mga anting-anting at pampaswerte sa bahay.

   D. Hindi, dahil nagkulang ang mga Agustino sa kanilang paraan ng pagpapalaganap ng debosyon sa kanya.

8. Alin sa mga sumusunod ang pagpapatunay ng kahalagahan ng imahen at debosyon sa Santo Niño sa kasaysayan ng Pilipinas?

   A. Ito ang lubos na pinaniniwalaan ng mga Pilipinong naniniwala sa mga pamahiin.

   B. Ito ang pinakamatandang imaheng Katoliko sa Pilipinas at simbolo ng pananampalatayang Kristiyano sa bansa.

   C. Ito ang piping saksi sa mga naganap na pag-aalsa ng mga Pilipino sa bahagi ng Mindanao.

   D. Ito ang gumising sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino upang lumaban sa mga Espanyol.

# SUSI SA PAGWAWASTO

### *SUBUKAN NA'TIN!*

1. /
2. X
3. /
4. /
5. /
6. x
7. /
8. x

### *BALIKAN NA'TIN!*

1. Kolonyalismo
2. Antonio Pigafetta
3. Kristiyanismo
4. Rajah Humabon
5. Moluccas

### *Gawain 1.1*

**Pahalang**

1. Cavite
2. Legazpi
3. Magellan
4. Kaplag

**Pababa**

1. Valderrama
2. Limasawa
3. Juana
4. Sinulog

### *PANGWAKAS NA PAGSUSULIT*

1. B
2. D
3. C
4. A
5. B
6. B
7. A
8. B